Mensahe Pito

## Ang Intrinsikong Kahulugan ng mga Materyales ng Templo

Babasahin sa Kasulatan: 1 Hari 5:15-18; 6:7, 9-10, 15-16, 23, 31-34, 36; 7:14-15, 21

**I. Upang maging mga materyales para sa pagtatayo ng Diyos, kailangan nating maranasan si Kristo sa Kanyang kamatayan (isinasagisag ng sipres), si Kristo sa Kanyang pagkabuhay na muli (isinasagisag ng sedro), at si Kristo bilang ang Espiritu (isinasagisag ng kahoy ng olibo):**

A. Ang ipinako at nabuhay na muling Kristo, na siyang nagpapaloob ng lahat na Espiritu ni Hesu-Kristo at ang presensya ng naprosesong Tres-unong Diyos, ay ang realidad ng mga materyales para sa pagtatayo ng ekklesia bilang templo ng Diyos, ang pagpapalaki at paglawak ni Kristo—Fil. 1:19-21a; 1 Cor. 3:9, 12a, 16-17.

B. Kailangan nating pahintulutan ang ipinako at nabuhay na muling Kristo bilang Espiritu na itayo ang Kanyang sarili tungo sa ating katauhan upang tayo ay magtaglay ng lubusang pagtatamasa kay Kristo upang maging mabubuting katiwala ng iba't ibang biyaya ng Diyos (ang mayamang panustos ng buhay) para sa pagtatayo ng ekklesia bilang templo ng Diyos—Efe. 3:2, 16-17; 1 Ped. 4:10-11.

**II. Ang sipres ay sumasagisag sa napakong Kristo—1 Hari 6:15b, 34; cf. Gen. 6:14:**

A. Noong sinaunang panahon ay nagtatanim ang mga Hudyo ng mga puno ng sipres sa ibabaw ng kanilang mga puntod; kaya, ang sipres ay sumasagisag sa pagkatao ni Kristo sa Kanyang kamatayan, ang ipinakong Hesus—1 Cor. 2:2.

B. Ang mga pinto ng templo ay yari sa kahoy na sipres at inukitan ng kerubin at mga puno ng palma—1 Hari 6:34-35; cf. Ezek. 41:18-20:

1. Ang kerubin ay sumasagisag sa kaluwalhatian ng Panginoon na ipinakita sa mga nilalang (10:18; Heb. 9:5), at ang mga puno ng palma ay sumasagisag sa tagumpay ni Kristo at sa walang hanggan at laging umiiral na kapangyarihan ni Kristo (Ezek. 40:16; Apoc. 7:9).
2. Ang pag-ukit ng mga puno ng palma at ng kerubin sa mga pintong kahoy na sipres ay nagpapahiwatig na ang tagumpay ni Kristo at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay "naiukit" sa ating katauhan sa pamamagitan ng mga pagdurusa—Gawa 16:7; Fil. 3:10; 2 Cor. 4:10-12.

**III. Ang sedro ay sumasagisag sa nabuhay na muling Kristo—1 Hari 6:9-10, 15-16, 36:**

A. Ang mga puno ng sedro ay tumutubo sa mga bundok ng Lebanon; kaya, ang sedro ay sumasagisag sa pagkatao ni Kristo sa pagkabuhay na muli, ang nabuhay na muling Kristo—Aw. 104:16; S. S. 4:8.

B. Ang nabuhay na muli at umakyat sa langit na Kristo bilang Hari ay isang maringal at magnipikong sedro mula sa bahay ni David—Ezek. 17:22-23; Roma 1:3-4; Gawa 2:22-24, 32-36; Heb. 2:9.

C. Kailangan nating maging mga yaong nagpapakalat ng ating mga ugat tungo kay Kristo, gaya ng mga puno ng sedro ng Lebanon, sinasanhi ito na lumago sa buhay habang tayo ay nakatanim sa bahay ni Jehovah, yumayabong sa mga bakuran ng ating Diyos, na namumunga pa rin sa katandaan, at punô ng dagta at luntian—Oseas 14:5-9; Aw. 92:12-14; 2 Hari 19:30.

D. Ang ekklesia ay ang imbakan at ang kamalig ng pagkabuhay na muling kapangyarihan ni Kristo; nang ang kapangyarihang ito ay gumawa kay Kristo, ginawa Siya nito na Ulo; kapag ang kapangyarihang ito ay gumagawa sa loob natin, tayo ay ginagawa nito na Kanyang Katawan—Efe. 1:19-23; Roma 8:2, 11; 12:1-2; Fil. 3:10.

**IV. Ang kahoy ng olibo ay sumasagisag sa natranspormang Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay—1 Hari 6:23, 31-33; 1 Cor. 15:45b:**

A. Ang langis ng olibo ay sumasagisag sa Espiritu ng Diyos; kaya, ang kahoy ng olibo ay sumasagisag sa pagkatao ni Kristo sa Espiritu ng Diyos, ang pinahirang Kristo, na siyang timpladang Espiritu bilang ang pagpapahid—Heb. 1:9; 2 Cor. 1:21; 1 Juan 2:20, 27; Exo. 30:25, 30.

B. Tayo ay mga sanga ni Kristo na naihugpong sa Kanya bilang ang nilinang na punong olibo upang tamasahin Siya (Roma 11:17, 24); ang Espiritung nagbibigay-buhay ay ang katas ng buhay ni Kristo bilang makalangit na punong olibo; kung nais nating makibahagi sa kayamanan ni Kristo bilang ang katabaan, ang dagta, ng makalangit na punong olibo, kailangan nating kaugnayin ang Espiritung nagbibigay-buhay bilang katas ng buhay ni Kristo (Luc. 23:31; cf. Aw. 92:13-14; 36:8-9):

1. Dahil ang ating pakikipaghugpong kay Kristo ay nagaganap sa ating espiritu, kailangan nating patuloy na ensayuhin ang ating espiritu; kapag tinatawag natin ang Panginoon sa pamamagitan ng pagsasabi, "O Panginoon, O Panginoon," ineensayo natin ang ating espiritu at kaagad na nakikibahagi sa Panginoon bilang Espiritung nagbibigay-buhay—Roma 8:16; 1 Cor. 6:17; Roma 10:9-13.
2. Ang isa pang paraan upang matamasa natin ang kayamanan ni Kristo ay ang basahin ang Salita ng Diyos at ang magsabi ng Amen sa bawat salita; sa pamamagitan nito, ineensayo natin ang ating espiritu, kinakaugnay natin ang Panginoon, tinatamasa natin Siya, at nakikibagi tayo sa nagpapaloob ng lahat na Espiritu bilang ang katabaan—Aw. 106:48; Neh. 8:6; 2 Cor. 1:20; Apoc. 19:4; Efe. 6:17-18.

C. Kailangan nating makita na tayo ay naihugpong na kay Kristo nang "salungat sa kalikasan"; ang *salungat sa kalikasan* ay nangangahulugang "salungat sa sarili"—Roma 11:24:

1. Lahat ng bagay ng ating lumang kalikasan ay sumasalungat sa kalikasan ng Panginoon; ang ating kalikasan ay ang makasalanang kalikasan, at ang kalikasan ng Panginoon ay ang dibino, espiritwal, at banal na kalikasan—Gal. 5:16-17; 2 Ped. 1:4.
2. Upang makibahagi kay Kristo bilang punong olibo kalakip ang Kanyang kayamanan, kailangan nating lubusang maputol mula sa ating lumang pinagmulan, lumang kasaysayan, lumang buhay, mga lumang gawi, at mga lumang kaugalian bilang mga ligaw na sanga—Roma 11:24; cf. Efe. 4:22-24.
3. Upang maranasan ang pagiging naputol mula sa ating lumang pamumuhay at upang matamasa ang karanasan ng pagiging naihugpong kay Kristo, kailangan nating ensayuhin ang ating espiritu upang tumawag sa Kanyang pangalan at ibasa-dalangin ang Kanyang Salita—Roma 10:6-8; Efe. 6:17-18.

D. Inihahayag ng Roma 11 na tayo ay mga sanga ni Kristo bilang ang punong olibo (bb. 17, 24) upang mamunga ng "mga olibo" at makagawa ng nakapagpapaginhawang langis, sumasagisag sa Espiritu Santo; inihahayag ng Juan 15 na tayo ang mga sanga ni Kristo bilang ang puno ng ubas (b. 5) upang mamunga ng "mga ubas" upang makagawa ng nakapagpapasiglang alak, sumasagisag sa dibinong buhay; at sa Lucas 10 ay binuhusan ng mabuting Samaritano ng langis at alak ang mga sugat ng naghihingalo (bb. 33-34):

1. Ang pinagsamang langis at alak ay nagiging pagpapagaling sa mga tao; lalo tayong nananatili sa Panginoon sa pamamagitan ng pagtawag sa Kanya at pagbabasa-dalangin ng Kanyang Salita, lalo tayong mamumunga ng "mga olibo" at "mga ubas" upang makagawa ng langis at alak na ibubuhos sa mga taong nasugatan sa panloob at naging labis na malungkot at nabigo.
2. Ang langis ng punong olibo ay ginagamit upang parangalan ang Diyos at tao (Huk. 9:8-9), nagpapahiwatig na ang Diyos ay pinararangalan ng mga yaong lumalakad sa pamamagitan ng Espiritu (Gal. 5:16, 25), at ang tao ay pinararangalan ng mga yaong naghahain ng Espiritu (2 Cor. 3:6, 8; Fil. 3:3).
3. Ang alak ng puno ng ubas ay ginagamit upang pasayahin ang Diyos at tao (Huk. 9:12-13), nagpapahiwatig na yaong mga nagtatamasa kay Kristo bilang kanilang nagsasakripisyo at nagpapasiglang buhay ay nagpapasaya sa Diyos (Mat. 9:17) at yaong mga naghahain ng Kristo bilang kanilang nagsasakripisyo at nagpapasiglang buhay ay nagpapasaya sa tao (2 Cor. 3:6; Fil. 2:17; 2 Tim. 4:6).

**V. Ang mga haligi ng templo ay yari sa tanso, sumasagisag sa paghahatol ng Diyos—1 Hari 7:14-15, 21; Apoc. 3:12; 21:22:**

A. Sa mga Kasulatan ang haligi ay isang tanda, isang patotoo, ng pagtatayo ng Diyos sa pamamagitan ng transpormasyon sa pagsasagawa ng buhay-Katawan—Gen. 28:22a; 1 Hari 7:15-22; Gal. 2:9; 1 Tim. 3:15; Apoc. 3:12; Roma 12:2; Efe. 4:11-12.

B. Yaong mga kagamit-gamit sa Diyos ay palagiang nasa ilalim ng paghahatol ng Diyos (tanso), natatanto na sila ay mga tao ng laman, karapat-dapat lamang sa kamatayan at paglilibing—Aw. 51:5; Exo. 4:1-9; Roma 7:18; Mat. 3:16-17:

1. Ang dahilan ng pagkakabaha-bahagi at kawalan ng bunga sa gitna ng mga mananampalataya ay yaong walang tanso, walang paghahatol ng Diyos; sa halip, mayroong kapalaluan, sariling pagmamapuri, sariling pagtatanggol, sariling pagmamatuwid, sariling pag-aaproba, pagdadahilan para sa sarili, sariling katuwiran, at pagkokondena at pagreregula sa iba sa halip na pagpapastol at paghahanap sa kanila—16:24; Luc. 9:54-55.
2. Kapag iniibig natin ang Panginoon at nararanasan Siya bilang taong tanso (Ezek. 40:3), Siya ay nagiging ating di-pangkaraniwang pag-ibig, di-nahahanggahang kahinahunan, di-mapapantayang katapatan, lubusang pagpapakumbaba, sukdulang kadalisayan, pinakamataas na kabanalan at katuwiran, at ating kaningningan at pagkamatuwid (Fil. 4:5-8).

C. Sa mga kapitel ng mga haligi sa templo ay may "lambat na nilala [gaya ng balag] na may mga tirintas na yaring tanikala"; isinasagisag ng mga ito ang komplikado at sala-salabid na sitwasyon kung saan ang mga haligi sa pagtatayo ng Diyos ay namumuhay at nagpapasan ng responsabilidad (1 Hari 7:17; 2 Cor. 1:12; 4:7-8); sa tuktok ng mga kapitel ay may mga lirio at mga granada (1 Hari 7:18-20):

1. Ang mga lirio ay sumasagisag sa isang buhay ng pananampalataya sa Diyos, isang buhay ng pamumuhay ng kung ano ang Diyos sa atin, hindi sa pamamagitan ng kung ano tayo; ang tanso ay nangangahulugang "hindi ako," at ang lirio ay nangangahulugang "kundi si Kristo"—A. A. 2:1-2; Mat. 6:28, 30; 2 Cor. 5:4; Gal. 2:20.
2. Ang mga granada sa mga tirintas ng mga kapitel ay sumasagisag sa kapuspusan, ang kasaganaan at kagandahan, at ang kahayagan ng kayamanan ni Kristo bilang buhay—Fil. 1:19-21a; Efe. 1:22-23; 3:19.
3. Sa pamamagitan ng ginagawa ng mga yaring nilala na pag-aalis at ng paglilimita ng yaring tanikala, makapamumuhay tayo ng isang dalisay, payak na buhay ng pagtitiwala sa Diyos upang ihayag ang kayamanan ng dibinong buhay ni Kristo para sa pagtatayo ng Diyos sa buhay.

**VI. Ang mga bato ng templo ay sumasagisag sa pagkatao ni Kristo sa transpormasyon, ang natranspormang Kristo—1 Hari 5:15-18; 6:7, 36; 1 Cron. 29:2; 2 Cron. 3:6:**

A. Bilang Diyos, ibinihis ni Kristo sa Kanyang pagkakatawang-tao ang laman ng tao; sa pagiging isang tao sa laman, isang tao sa lumang paglikha, kinailangan Niyang matransporma sa Kanyang pantaong bahagi—Roma 1:3-4.

B. Ang gayong natranspormang Kristo ay ang buháy na bato ngayon, ang pundasyong bato, ang batong panulok, at ang pangulong bato ng pagtatayo ng Diyos—1 Ped. 2:4; Isa. 28:16; 1 Cor. 3:11; Efe. 2:20; 1 Ped. 2:6; Zac. 4:7; 3:9; Apoc. 5:6; 4:3; 21:11.

C. Ang mga bato sa templo ay sumasagisag din sa mga mananampalataya kay Kristo, na natransporma ni Kristo bilang bato—Mat. 16:18; Juan 1:42; 1 Ped. 2:4-7; Apoc. 21:11, 14, 18-21; cf. Dan. 2:34-35, 44-45.

D. Ang Bagong Tipan ang nagsasalita tungkol sa mga buháy na bato (1 Ped. 2:5), at ang Lumang Tipan ay nagsasalita tungkol sa mga tinibag na bato (1 Hari 5:15, 17-18; 6:7); ang mga batong ginamit para sa pagtatayo ng ekklesia ay dapat maging buháy sa panloob at natibag (natuos) sa panlabas (2 Cor. 4:16):

1. Sa ekklesia, ang ilang mga kapatid ay maihahambing sa mga batong "magaspang", katitibag pa lamang mula sa tibagan at punô ng matatalas na gilid; kapag sila ay kinakaugnay, sinasanhi nila ang mga tao na masaktan at magkaroon ng di-komportableng pakiramdam.
2. Hindi sila sapat na matatag upang maitayo, upang magkoordina at maglingkod kasama ng iba, upang makipagbakang kasama ang iba, o magpasan ng Kaban kasama ang iba.

**VII. Ang tunay na buhay-Kristiyano para sa pagtatayo ng ekklesia bilang templo ng Diyos ay isang buhay ng ipinako at nabuhay na muling Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay na itinatayo tungo sa ating katauhan upang tayo ay maiwangis sa Kanyang kamatayan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli upang mapabago araw-araw at matransporma mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian para sa Kanyang kaluwalhatian sa ekklesia—Fil. 3:10; 2 Cor. 3:18; 4:16-18; Efe. 3:21.**

*© 2022 Living Stream Ministry*